PAGPAPALAKAS NG SAMAHAN SA PAGITAN NG MGA MUSLIM

Ang Propeta(SAWS) ay nagwika: ***"Hindi magiging tunay na mananampalataya ang isa sa inyo, maliban na lamang na kanyang ninanais para sa kanyang kapatid ang kanyang ninanais para sa kanyang sarili" –Bukhari***

Sa pamamagitan ng pagiging mapagbigay o matulungin sa serbisyo sa kapwa at pakikitungo sa isa't isa, mapapalakas natin ang kapatiran sa isa't isa.

Pinayuhan tayo ng Propeta(SAWS) na batiin ang kapwa mananampalataya, na kung saan hindi alintana ang lahi at katayuan sa lipunan, rinekomenda niya rin ang pagbibigaya ng regalo sa isa't isa. Parehong ito ang magpapalakas ng pagmamahalan sa pagitan ng bawat isa.

Hinimok tayo ng Propeta(SAWS) na bisitahin ang isa't isa alang-alang sa Allah. Ganun paman, nararapat na gawin nating madali ang pagbisita para sa binibisita, sa pamamagitan ng di pagpapatagal sa pananatili at hindi masyadong naghahabol sa mga pangangailangan. Ang silang mga binibisita nama'y nararapat na maging magiliw sa panauhin at maasikaso sa mga pangangailangan ng silang mga bisita, pagbibigay sa kanila ng mga pampalamig at iba pang mga pampaginhawa na magpapaluwag sa kanilang pananatili.

Payo

Sikaping maging una palagi sa pagbati ng "Assalamu alaykum"

Huwag tingnan ang sinuman na may kasamang paghihinala o panlalait. Sa hali ay maging mapasensya hanggang sa lahat ay maging maliwanag.

Irespeto at mahalin ang bawat tao alang-alang sa Allah at sa koneksyon nila sa Propeta.